

Suplemento para Protekta han ang iyong pamilya mula sa lead sa iyong tahanan

Suplemento ito para sa mga bersyon noong Marso 2021 at mas luma ng babasahing Protektahan ang Iyong Pamilya mula sa lead sa Iyong Tahanan. Kasama sa bersyon noong Enero 2026 ng babasahin ang bagong mga antas ng pagkilos para sa lead sa alikabok (na dating tinatawag na antas ng lead sa alikabok para sa pagpayag na gamitin muli ang lugar) at ang naiuulat na mga antas ng lead sa alikabok (na dating tinatawag na mga pamantayan ng panganib ng lead sa alikabok) na may bisa noong Enero 12, 2026. Tinutukoy ang mga antas na ito sa pahina 6 at 11. Mababasa rin sa pahina 10 at 11 ng bersyon noong Enero 2026 ang na-update na depinisyon ng pagpapahupa at pagtatanggal na nagkabisa noong Enero 13, 2025. Hindi hinihingi ng EPA sa mga user na ipagwalang-bahala ang mga lumang bersyon ng dokumentong PYF. Para matiyak na mayroong na-update na impormasyon, dapat ibigay ng mga user ang suplementong ito kung mas lumang bersyon ng babasahin ang ginagamit.

Pinapalitan ng sumusunod na impormasyon ang impormasyon sa **Pahina 6**

Ang nasirang lead-based na pintura (pagtutuklap, pagkakatanggal, pagkadurog, pagkakalamat, o pagkapinsala ng pintura) ay isang panganib at kailangang asikasuhin kaagad. Ang **lead-based na pintura** ay maaaring isang panganib rin kapag natagpuan sa mga pang-ibabaw na maaaring kagatin ng mga bata o madaling masira, tulad ng:

- Mga bintana at pasimano ng bintana
- Mga pintuan at frame ng pintuan
- Mga hagdan, hawakan sa hagdan, barandilya, at balkonahe

Ang lead-based na pintura ay karaniwang hindi panganib kung nasa mabuti (hindi nagagalaw) na kondisyon at kung wala ito sa isang pang-ibabaw na madalas matamaan o madikitan tulad ng bintana.

Ang alikabok na may lead ay maaaring mabuo kapag ang lead-based na pintura ay natuklap, niliha, o nainitan. Ang alikabok ng lead ay nabubuo rin kapag ang mga napinturahang pang-ibabaw na may lead ay nagkakadikit o nagkikiskisan sa isa't isa. Ang piraso ng tuyong pintura ng lead at alikabok ay maaaring

umabot sa mga pang-ibabaw at mga bagay na maaaring mahawakan ng mga tao. Ang dumapong alikabok ay maaaring madala ulit ng hangin kapag nag-vacuum o nagwalis sa bahay, o kapag dinaanan ito ng mga tao. Tinutukoy sa kasalukuyan ng EPA ang mga naiuulat na mga antas ng lead sa alikabok, na sinusukat ng kinikilala ng EPA na laboratoryo ng lead bilang mapanganib.

Kung pinagsususpetsahan mong may lead-based na pintura ang bahay mo, kailangan mong maglinis nang regular para mabawasan ang alikabok gamit ang impormasyon sa pahina 9 at 11, lalo na kung may mga batang nakatira sa bahay. Hindi nirerekomenda ng EPA ang mga pagpapahupa at pagtatanggal ng lead batay sa alikabok ng lead maliban na lang kung ang alikabok ng lead ay nasa o mataas sa mga antas ng pagkilos na nakalista sa pahina 11.

Ang lead sa lupa ay maaaring mapanganib kapag ang mga bata ay naglaro sa lupa mismo o kapag ang mga tao ay nagdala ng lupa papasok sa bahay na dala ng kanilang mga sapatos. Tinutukoy sa kasalukuyan ng EPA ang mga sumusunod na antas ng lead na natatagpuan sa lupa bilang mapanganib:

- 400 parts per million (ppm) at mas mataas sa mga lugar ng laruan na may lupa mismo
- 1,200 ppm (average) at mas mataas sa lupain mismo sa iba pang parte ng bakuran

Tandaan, ang lead mula sa mga piraso ng tuyong pintura—na makikita mo—at lead sa alikabok o lupa—na maaaring hindi mo makita—ay maaaring parehong mapanganib.

Ang nag-iisang paraan para malaman kung may panganib ng lead sa pintura, alikabok o lupa ay ang pagsusuri sa mga ito. Ang susunod na pahina ay naglalarawan kung paano ito gagawin.

Pinapalitan ng sumusunod na impormasyon ang impormasyon sa **Pahina 10:**

Ang paggalaw sa mga lead-based na pintura o pag-alis ng lead sa maling paraan ay maaaring magpataas ng panganib sa iyong pamilya sa pamamagitan ng pagkalat ng mas maraming alikabok na may lead sa palibot ng bahay.

- Dagdag pa sa araw-araw na paglilinis at mabuting nutrisyon, maaari mong pansamantalang bawasan ang panganib ng lead-based na pintura sa pamamagitan ng mga kilos, tulad ng pag-ayos ng nasirang pang-ibabaw na may pintura at pagtanim ng damo para matakpan ang lupa na nakontamina ng lead. Ang mga kilos na ito ay hindi permanenting solusyon at kailangan ang patuloy na pagpapansin.
- Maaari mong mabawasan ang pagkakalantad sa lead kapag nagkukumpuni, nag-aayos, o nagpipintura sa pamamagitan ng pagkuha ng taga-renovate sa estadong may sertipikasyon mula sa EPA, Tribo o estado, at na sanay sa pagtatrabaho na alinsunod sa mga pamamalakad na ligtas laban sa lead. Kung ikaw mismo ang gagawa, alamin kung paano gamitin ang mga pamamalakad sa trabaho na ligtas mula sa lead sa iyong bahay.
- Para maalis ang mga panganib sa lead, kailangan mong kumuha ng sertipikadong kontratista sa pagpapahupa o pagtatanggal ng lead. Ang mga pamamaraan ng pagpapahupa o pagtatanggal na dinisenyo para permanenteng matugunan ang mga panganib ng lead-based na pintura ay kinabibilangan ng pag-alis, pagselyo, o pagkulong ng lead-based na pintura gamit ang mga espesyal na materyales. Ang pagpatong ng regular na pintura sa panganib ay hindi permanenteng makakatugon sa mga panganib ng lead-based na pintura

Parating gumamit ng sertipikadong kontratista na sanay na tugunan ng ligtas ang mga panganib ng lead.

- Kumuha ng isang kompanyang sertipikado sa maingat na pag-asikaso ng lead (basahin ang pahina 12) para gawin ang proyekto ng renovation, pag-aayos, o nagpipintura (RRP) na gumugulo sa mga napinturahang pang-ibabaw.
- Mag-hire ng sertipikadong kontratista sa pagpapahupa o pagtatanggal ng lead para permanenteng matugunan ang mga panganib sa lead. Titiyakin nito na alam ng kontratista mo kung paano ligtas na magtrabaho at may wastong kagamitan siya para malinis ng husto pagkatapos.
- Ang mga sertipikadong kontratista ay kukuha ng mga kwalipikadong manggagawa at susunod sa mahihigpit na tuntuning pangkaligtasan na itinakda ng kanilang estado, Tribo o ng pederal na gobyerno.

Pinapalitan ng sumusunod na impormasyon ang impormasyon sa **Pahina 11:**

Kung ang bahay mo ay nagkaroon ng pagpapahupa ng lead, dapat gawin ang mga aktibidad sa paglilinis ng alikabok sa sandaling natapos na ang gawain. Ang mga aktibidad para malinis ang alikabok ay dapat gawin hangga't maipahiwatig ng pagsusuri para sa clearance na ang antas ng lead sa alikabok ay mas mababa sa mga sumusunod na antas ng pagkilos:

- 5 micrograms kada square foot ($\mu\text{g}/\text{ft}^2$) para sa mga sahig, kasama na dito ang mga sahig na may karpet
- 40 $\mu\text{g}/\text{ft}^2$ para sa loobang pasimano ng bintana
- 100 $\mu\text{g}/\text{ft}^2$ para sa mga alulod ng bintana

Ang mga pagpapahupa ng lead ay nilikha para permanenteng matugunan ang mga panganib ng lead-based na pintura. Gayunman, kapag natapos na ang pagpapahupa ng lead, ang alikabok ng lead ay maaari pa ring manatli na mataas sa naiulat na mga antas (tingnan sa pahina 6) at maaari ding muling maibalik sa pinaghupaang lugar. Kasama sa mga hakbang para mapanatiling kakaunti ang alikabok ng lead pagkatapos ng pagpapahupa:

- Paggamit ng HEPA vacuum sa lahat ng kasangkapan sa bahay at iba pang bagay na ibabalik sa lugar.
- Regular na paglilinis ng mga sahig, mga pasimano ng bintana, mga alulod, at iba pang matitigas na pang-ibabaw ng may basa-basang tela o pamunas at general purpose na panglinis.

Pakibasahin ang pahina 9 para sa karagdagang impormasyon sa mga hakbang na magagawa mo para maprotektahan ang iyong bahay makalipas ang pagbabawas. Para makakuha ng tulong sa paghahanap ng sertipikadong propesyonal sa pagpapahupa o pagtatanggal ng lead sa iyong lugar, tumawag sa ahente sa iyong estado, Tribo o ahensya sa lokalidad (basahin ang mga pahina 15 at 16), puntahan ang cdxapps.epa.gov/leadpro, o tumawag sa 1-800-424-LEAD [5323].